# Politika sa mga Obra ng Pantas ng Pelikulang Pilipino: Ang mga Ideolohiyang Politikal sa mga Pelikula ni Ishmael Bernal

**Lois Mauri Anne L. Liwanag**
Waseda University, Tokyo, Japan
lois.liwanag@ruri.waseda.jp

**Von Griel S. Capague**
University of Santo Tomas, Manila, Philippines
capaguevon@gmail.com

**Marie Frances Therese DS. Luglug**
Centro Escolar University, Manila, Philippines
luglug1902822@ceu.edu.ph

## ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng papel na ito ay matukoy ang mga ideolohiyang politikal sa limang pelikula ni Ishmael Bernal: *Manila by Night "City After Dark"* (1980); *Himala* (1982); *Broken Marriage* (1983); *Hinugot sa Langit* (1985); at *Pahiram ng Isang Umaga* (1989). Ang mga nominasyon at gantimpala na natanggap partikular na ang mula sa Gawad Urian Awards na ibinigay ang Best Film of the Decade o ang Best Picture Award mula noong dekada 1970s-1990s ang pamantayan ng pagpili sa mga nasabing pelikula. Bilang hermeneutikong lente, ginamit sa pagsusuri ang ideolohikal na spektrum na may dalawang dimensyon ng Alemang teorisistang si Hans Slomp, na minodipika ni F.P.A. Demeterio sa kanyang librong pinamagatang *Ang Mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.* Ang paggamit sa nasabing lente ay hango sa pananaliksik nina Felicilda at Demeterio (2019) na ginamit ito upang alamin ang mga ideolohiyang politikal sa limang nobela ng Rosales Saga ni F. Sionil Jose. Upang maisakatuparan ang layunin ng pananaliksik, mayroon itong limang substantibong seksyon na isa-isang tinatalakay ang mga sumusunod: 1) pangunahing mensahe at tema ng pelikula; 2) paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago; 3) pagpapahalaga ng pelikula sa indibidwal at estado; at 4) kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikula.

**Mga Susing Salita:** Ideolohikal na Spektrum, Hans Slomp, F.P.A. Demeterio, Ideolohiyang Politikal, Ishmael Bernal

## ABSTRACT

The main purpose of this paper is to identify the political ideologies in five films of Ishmael Bernal: *Manila by Night "City After Dark"* (1980); *Himala* (1982); *Broken Marriage* (1983); *Hinugot sa Langit* (1985); and *Pahiram ng Isang Umaga* (1989). The basis of the selection of these films are the nominations and awards they received specifically from the Gawad Urian Awards which gave them either the Best Film of the Decade or the Best Picture award. As its hermeneutical lens, this paper utilized the two-dimensional ideological spectrum of the German theorist Hans Slomp, modified by F.P.A. Demeterio in his book titled *Ang Mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines*. This is based on the research of Felicilda and Demeterio (2019) where the said lens was used to determine the political ideologies in the five novels of the Rosales Saga by F. Sionil Jose. In order to accomplish the goal of this research, it has five substantive sections that each analyzes the following: 1) primary message and theme of the film; 2) its stand on status quo and change; 3) its esteem for the individual and state; and 4) its overall political ideology.


**Keywords:** Ideological Spectrum, Hans Slomp, F.P.A. Demeterio, Political Ideology, Ishmael Bernal

## INTRODUKSYON

Iginawad ang titulong "National Artist for Cinema" noong 2001 at itinuring ng mga kritikong bilang "henyo ng pelikulang Pilipino" si Ishmael Bernal. Kinilala siya bilang "Direktor ng Dekada" noong 1970s ng Catholic Mass Media Awards; four-time Best Director ng Urian Awards (1977, 1983, 1985, at 1989); at ginawaran ng ASEAN Cultural Award in Communication Arts noong 1993. Kilala siya bilang direktor ng mga pelikulang repleksyon ng mga umiiral na realidad ng hamon ng Pilipino. Sa pamamagitan ng kanyang sining, nagagawa niyang ihayag ang kanyang mga adbokasiya – labanan ang pagsensura, palayain ang mga artista, at bigyang-hustisya ang mga naaapi.

Binigyang-diin ni Santos (2012) na si Bernal ay matuturing na auteur—isang filmmaker na ang personal na impluwensya at artistikong kontrol sa isang pelikula ay napakahusay na itinuturing na siyang may-akda ng pelikula. Inilarawan naman ni Baytan (2019) ang mga obra ni Bernal bilang may katalinuhan at kabalintunaan, disidente ngunit humanista. Nasabing pinagbuklod ng pilosopikal na pagninilay sa buhay ng tao ang kanyang sari-saring mga likha. Nagbibigay ang mga obra ni Bernal ng malalim na pagtingin sa sangkatauhan—ang mga malalalang lihim nito at madalas na nakakaligtaang kagandahan.

Ikinumpara ni Tolentino (2012) ang pangunahing mga pelikulang panlungsod nina Lino Brocka (*Maynila: Sa mga Kuko ng Liwanag*) at Ishmael Bernal (*Manila by Night*) para kalabanin ang Imeldipikong pananaw na "the true, the good, and the beautiful." Katangi-tanging pumukaw ang dalawang obra ng taos-pusong diyalogo at pagpuna sa disenyo ng mga Marcos sa (kalaunang naging) Metro Manila at sa bansa. Mababanaag sa artikulong ito ang matinding koneksyon sa politika ng isa sa mga pelikula ni Bernal, isang hudyat na nakikisangkot ang direktor sa mga usaping panlipunan at iba pang mga isyu kaugnay dito.

Sa pananaliksik ni Santos (2018), mas lalong inidiin ang paglublob ni Bernal sa politika bilang isang subersibong direktor sa harap ng Batas Militar. Ayon kay Santos, "hindi maikakailang nakatulong sa paghubog sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino ang kanyang buhay at mga obra." Ginamit ng direktor ang mga obra para batikusin ang diktaduryang Marcos, pati na rin bilang espasyo at lente para sa kritikal na panunuring panlipunan. Pinagtitibay ng artikulong ito ang kahalagahan ng pananaliksik sa konteksto ng aralin at pelikulang Pilipino. Nagpapatunay ito na karapat-dapat pag-aralan si Bernal at ang kanyang mga likha dahil sa laki ng naiambag hindi lamang sa sining at kultura ng bansa kundi pati na rin sa pamantayan ng lipunan.

Sa isa pang artikulo ni Baytan (2019), nabanggit na nakakahinayang na ang katangi-tanging mga obra ng sining ay karaniwang nananatiling hindi pinag-aaralan. Aniya, bilang lamang ang mga single-authorship na libro tungkol sa mga likha ng Philippine National Artists tulad nina Manuel Conde, Ishmael Bernal, at Lino Brocka. Kaya naman naging magandang balita para kay Baytan ang publikasyon ng *Manila by Night*: A Queer Film Classic ni Joel David (2017), ang aklat kung saan niya inilaan ang kanyang rebyu. Maipagpapalagay na mayroong pangangailangang pag-aralan ang iba pang mga pelikula ng mga nasabing direktor, partikular na kay Bernal, dahil ang sinusuring obra niya ay kadalasang ang tanyag na *Manila by Night* lamang. Ipinamalas din sa artikulo ni David (2012) ang isa pang pagsusuri sa itinuturing na pinakanamumukod-tanging pelikula ni Bernal na *Manila by Night*. Muling masusulyapan sa artikulong ito ang malaking bulto ng literatura na nakatuon sa nasabing tanyag na pelikula.

Ang mga nominasyon at gantimpala na natanggap partikular na ang mula sa Gawad Urian Awards na ibinigay ang Best Film of the Decade o ang Best Picture Award mula noong dekada 1970s-1990s ang pamantayan ng pagpili sa mga pelikulang isinuri. Ang mga pelikulang ito ay *Manila by Night* (1980), *Himala* (1982), *Broken Marriage* (1983), *Hinugot sa Langit* (1985), at *Pahiram ng Isang Umaga* (1989). Kinikilala ang Gawad Urian Awards bilang pinakapresitihiyosong gantimpala na matatanggap ng isang pelikulang Pilipino. Taunan itong idinaraos sa Pilipinas simula pa noong 1977 at iginagawad ng mga Manunuri ng Pelikulang Pilipino.

**Ang Ideolohikal na Spektrum**

Bilang hermeneutikong lente, ginamit sa pagsusuri ang ideolohikal na spektrum na may dalawang dimensyon ng Alemang teorisistang si Hans Slomp, na minodipika ni F.P.A. Demeterio sa kanyang librong pinamagatang *Ang Mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.* Ang paggamit sa nasabing lente ay hango sa pananaliksik nina Felicilda at Demeterio (2019) na ginamit ito upang alamin ang mga ideolohiyang politikal sa limang nobela ng *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose.

Batay sa binuo na konstrak ni Slomp, kinakatawan ng x axis ang spektrum mula progresibo patungo sa pagiging konserbatibo. Ang pagiging progresibo ay nagpapakita ng pagnanais na magdulot ng pagbabago sa lipunan, samantalang ang pagiging konserbatibo naman ay nais panatilihin ang kasalukuyang kaayusan nito. Binago ni Demeterio ang pangunahing x-axis na ito upang mapakita ang iba't ibang antas mula sa progresibong hangganan hanggang sa retrogresibong hangganan ng spektrum.

Ang y-axis naman sa konstrak ni Slomp ay isang spektrum mula sa lubos na pagpapahalaga sa estado (o awtoritaryan) patungo sa lubos na pagpapahalaga sa indibidwal (o libertaryan). Hindi binago ni Demeterio ang y axis ni Slomp, ngunit matutunghayan na inirekonstrak ni Demeterio ang x axis ni Slomp upang mas maging komprehensibong spektrum na radikal-liberal-*moderate*-konserbatibo-reaksyonaryo.


Ang kategoryang radikal ay tumutukoy sa mga hindi nakukuntento sa kasalukuyang sistema at handang gumamit ng anomang pamamaraan upang mabuwag ito at magtatag ng bagong sistema. Habang ang kategoryang liberal ay tumutukoy sa mga naniniwala sa maingat, kalkulado, at maparaang prinsipyo ng pagbabago na nakatuon lamang sa paggamit ng legal at malumanay na paraan. Ang kategoryang *moderate* ay tumutukoy sa mga naniniwala na nararapat masusing balansehin ang pangangailangan para sa isang progresibong pagbabago at ang mga bentaheng dala ng kasalukuyang kaayusan.

Ang kategoryang konserbatibo ay tumutukoy sa mga naninindigan at umaayon sa kasalukuyang kaayusan. Gayong naniniwala ang mga konserbatibo na hindi perpekto ang kasalukuyang kaayusan, namamayani ang pananaw na magiging mas malala ang kahihinatnan ng anumang pagbabago. Habang ang reaksyonaryong kategorya ay naninindigan sa isang retrogresibo o paurong na pagbabago (Felicilda & Demeterio 2019), hindi ito basta na lamang nasisiyahan sa kasalukuyang kaayusan. Nais nitong maitama ang kasalukuyan gamit ang pagtatag muli ng mga kaayusan mula sa nagdaan nang panahon.

Mula sa Pigura 1, matutunghayan ang dalawang dimensyon na modipikadong ideolohikal na spektrum:

**Pigura 1**

Ang Ideolohikal na Spektrum na may Dalawang Dimensyon na Unang Binuo ni Slomp at Minodipika ni Demeterio




Mahahango sa modipikadong ideolohikal na spektrum ni Demeterio ang walong magkakaibang ideolohiyang politikal na may natatanging pagsasalarawan: 1) radikal na libertaryanismo, 2) radikal na awtoritaryanismo, 3) liberal na libertaryanismo, 4) liberal na awtoritaryanismo, 5) *moderate*, 6) konserbatibong libertaryanismo, 7) konserbatibong awtoritaryanismo, at 8) reaksiyonarismo.

Tinutukoy ng radikal na libertaryanismo ang "mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Felicilda & Demeterio, 2019). Sa mas espesipiko, maaaring halimbawa ng demokratikong sosyalismong pinagbatayan ang Marxismo matapos magsagawa ng rebolusyon ang mga manggagawa dahil nararapat na mamayani ang demokrasya. Tinutukoy ng radikal na awtoritaryanismo ang "mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Felicilda & Demeterio, 2019). Sa mas espesipiko, maaaring halimbawa ang komunismong pinagbatayan ang Leninistang perspektibang "matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang awtoritaryang diktadura ang lipunan" (Felicilda & Demeterio, 2019).

Tinutukoy ng liberal na libertaryanismo ang "kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal." Sa mas espesipiko, maaaring halimbawa ang klasikong liberalismong "naniniwalang umaapi sa mga tao ang estado kaya dapat limitahan ang kapangyarihan at kontrol nito" (Felicilda & Demeterio, 2019). Tinutukoy ng liberal na awtoritaryanismo ang "kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado." Sa

mas espesipiko, maaaring halimbawa ang kontemporanyong liberalismong "naniniwalang kailangan pa rin ng estado ang pagsasaayos at pag-oorganisa ng mga gawain at inisyatibo ng mga indibidwal" (Felicilda & Demeterio, 2019).

Nakatuon ang moderate na ideolohiya sa mainam na dulot ng pagbabago at ikabubuti sa mga nagaganap na kaayusan. Ani Demeterio (2012) gaya ng nabanggit ni Felicilda at Demeterio (2019), hindi na makabuluhang artikulahin ang kaibahan ng pagiging moderate na libertaryan at moderate na awtoritaryan dahil nararapat na sapat na suriin ang konteksto ng dalawang panig.

Maituturing na paninindigang konserbatibong libertaryanismo ang pumapanig sa nagaganap na kaayusang may pakialam sa kalayaan at mismong tao, kagaya ng Europa at Hilagang Amerika na may makakanang liberalismo (Demeterio, 2012 na sinipi mula sa Felicilda & Demeterio, 2019). Maituturing namang paninindigang konserbatibong awtoritaryanismo ang pumapanig sa nagaganap na kaayusang may pakialam sa pangangasiwang panlipunan at estado, na kagaya naman ng politikal na sistemang pasismo (Demeterio, 2012 na sinipi mula sa Felicilda & Demeterio, 2019).

Maituturing namang paninindigang reaksyonismo ang pumapanig sa "retrogresibo o paurong na pagbabago" (Demeterio, 2012 na sinipi mula sa Felicilda & Demeterio, 2019). Ani Demeterio, hindi na makabuluhang artikulahin ang kaibahan ng reaksyonaryong libertaryanismo at reaksyonaryong awtoritaryanismo sapagkat nais nitong ibaling ang pansin sa dating kaayusan (Demeterio, 2012 na sinipi mula sa Felicilda & Demeterio, 2019).

May limang substantibong seksyon ang papel na may dalawang malinaw na layunin: Una, matukoy ang mga nananaig na politikal na ideolohiya na nasa limang pelikula ni Ishmael Bernal. Pangalawa, masuri kung alin sa walong ideolohiya ang nananaig sa bawat pelikula.

**Ang Pelikulang *Manila By Night ("City After Dark")* (1980)**

Ipinalabas noong panahong administrasyong Marcos, ang pelikulang *Manila by Night* ay nakatuon sa realidad ng estado ng mga Pilipino mula sa impluwensya ng droga, kahirapan at prostitusyon. Nakatanggap ito ng limang gantimpala mula sa Gawad Urian Award: ang Pinakamahusay na Pelikula; Pinakamahusay na Pangunahing Aktor (Bernardo Bernardo); Pinakamahusay na Dulang Pampelikula (Ishmael Bernal); at Pinakamahusay na Disenyong Pamproduksiyon (Peque Gallaga). Noong pagdiriwang ng ika-25 na anibersaryo, natanggap ng *Manila by Night* ang kanyang panglimang gantimpalang "Pinilakang Gawad Urian" na ibinigay ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino sa sampung pinakamahusay na pelikulang Pilipinong ginawa mula 1970s hanggang 1990s.

Ang pelikula ay umiikot sa buhay ng sari-saring mga tauhan at kung paano nila talakayin ang mga problemang hinaharap. Nagsimula ang pelikula sa pagpapakilala kay Virgie, isang asawa at ina ng tatlo. Ang kanyang panganay na anak na si Alex ay palihim na lumalabis sa paggamit ng ilegal na droga sa impluwensya ng kanyang mga kaibigan. Si Alex ay magkakaroon ng iba't-ibang karelasyon sa pelikula at isa roon si Manay Sharon, isang bading at matalik na kaibigan ni Adelina ngunit may patagong relasyon sa ka-live-in ni Adelinang si Pebrero. Mistulang naging nars ngunit sa katotohanan ay nagtatrabaho bilang isang call girl si Adelina. Ang karakter na si Pebrero naman ay isang taxi driver na nagkaroon ng palihim na relasyon kay Baby, isang probinsyanang waitress at di-inaasahang nabuntis ngunit tinanggihang panagutan. Si Kano, isang tomboy, drug pusher at isa sa mga supplier ni Alex ng droga, ay umiibig naman sa isang masehistang bulag na si Bea. Ang kabuoan ng pelikula ay ang pagpapakita sa natatagong realidad ng mga problema at isyu na hindi lamang sa Maynila ngunit posible rin sa buong Pilipinas.

**Paninindigan ng *Manila by Night* sa Kasalukuyan at Pagbabago**

Inilarawan sa pelikulang *Manila by Night* ang masalimuot na mga pangyayari sa kadiliman ng Maynila. Tatlo ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago. Ang kasalukuyang pinapakita sa pelikula ay ang kalagayan ng Maynila sa oras ng kadiliman kung saan naipapakita ng tao ang tunay nilang mga sariling nasa ilalim ng mga maskara. Ang bawat tauhan sa pelikula ay mayroong kamalayan sa mga imoral na gawain tulad ng pakikiapid sa may asawa, pagbebenta ng aliw gamit ang katawan, at paggamit ng droga.

Unang makikita ang pagiging konserbatibo ng ilang mga tauhan sa simula hanggang kalagitnaan, tulad ni Alex na isang drug user at ni Kano na isang drug dealer. Isinambit nila sa isang eksena ang kanilang punto de bista sa kanilang sitwasyon at kung paano nila tinatanggap ang pagsabay sa agos ng Maynila:

> *"Alam mo pare, mas maganda ang Maynila kaysa sa Olongapo eh, sa Maynila, wow pare… sumasabog yan! Wow! Kapow! Aaah! Ang galing pare, ang galing. Ikot nang ikot yan, bira nang bira. Kaya kailangan ikaw, sakay lang nang sakay eh. Kundi maiiwan ka, pati ikaw sasabog. Kailangan mabilis ka, sakay lang nang sakay, trip lang nang trip."* (Kano, *Manila by Night*)

Malinaw din ang kanilang pagkakaroon ng paghahambing sa dalawang probinsyanang sina Adelina at Baby. Inilarawan ni Adelina ang kaniyang pamumuhay sa Maynila galing probinsya sa isang radikal na paninindigan. *"Pumunta lang ako rito para mabuhay, dahil namamatay na ako sa gutom sa probinsya. Maski anong klaseng trabaho, pinasok ko na. Basta mabuhay lang ako, wala akong inaasam na pera"* (Adelina, *Manila by Night*).

Samantalang ang paninindigang liberal ay inilarawan ni Baby kung saan pinilit niyang mahalin at pakasalan siya ni Pebrero upang maiangat ang kaniyang pamumuhay. Ngunit mas nasubukan ito nang mabuntis at iwanan siya ni Pebrero. Nailagay siya sa sitwasyong ipalaglag ang kaniyang anak at naisipan din niyang pumasok sa isang bahay-aliwan ngunit hindi niya ito napagtagumpayan.

Mas naging malinaw ang paninindigang liberal ng pelikula dahil sa wakas na inilahad na ang kabutihan ay nagtagumpay laban sa kasamaan. Ang mapanlinlang na si Adelina ay namatay sa mga kamay ng isang di-kilalang lalaki at ang tulisang drug-pusher na si Kano ay nabulok sa bilangguan. Nakapangasawa si Baby ng isang doktor na sinuportahan ang kanyang anak kay Pebrero. Tumaliwas sina Manay Sharon at Bea sa tawag ng laman. Ang dating babaeng bayarang na naging mabuting maybahay na si Virgie, ang kolehiyalang si Vanessa at ang binatang si Alex ay naging mga kinatawan ng pagbabago sa lipunan (Valdoz par 12-13).

**Pagpapahalaga ng *Manila by Night* sa Indibidwal at Estado**


Sa pelikulang ito, matutunghayan ang kakayahan ng parehong indibidwal at estado na talikuran ang tukso, hirap at lagim ng Maynila. Agad na mababanaag na sinasalamin ng mga pangunahing tauhang sina Baby, Manay Sharon, Bea, Virgie, Vanessa at Alex ang lubos na pagpapahalaga sa indibidwal. Sa kabilang dako, makikita rin namang may kamalayan ang mga awtoridad ng Maynila na isulong ang kapakanan ng estado para pangalagaan ang kapakanan ng mga indibidwal.

Malinaw itong napakita sa eksenang paghahabol ng kapulisan kay Kano at Alex sa bandang dulo ng pelikula dahil sa kanilang pagtutulak at paggamit ng droga. Bukod pa rito, mas napatingkad pa ang ideyang ito dahilan ng pagpapalabas ng *Manila by Night* noong karurukan ng pamamahala ni Ferdinand Marcos na nagpatatag ng di-malilimutang *Martial Law*.

**Ang Pelikulang *Manila by Night* sa Ideolohikal na Spektrum**

Maituturing na liberal ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, habang nasa pagitan ng pagiging libertaryan at awtoritaryan ang pagpapahalaga nito sa indibidwal at estado. Samakatuwid, maikokonsiderang nasa pagitan ng liberal na libertaryanismo at liberal na awtoritaryanismo ang kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikulang *Manila by Night* (Pigura 2).

**Pigura 2**
Ang Ideolohiyang Politikal ng Pelikulang *Manila by Night*




## Ang Pelikulang *Himala* (1982)

Isa sa mga pelikula ni Ishmael Bernal na ipinalabas noong panahong administrasyong Marcos, nagtatalakay ang pelikulang *Himala* sa relihiyon at pananampalataya ng mga tao. Inamin ni Ricardo Lee, ang manunulat ng nasabing pelikula, na ito ang pinakapersonal niyang naisulat na skripto dahil isinaad niya ang kanyang paniniwala sa pulitika, ideolohiya, mga pag-aalinlangan, at mga alaala ng pagkabata.

Nakatuon ang pelikula sa maliit na bayan ng Cupang, isang lugar na dumaranas ng matinding tagtuyot. Naniniwala ang mga residente nito na isinumpa ang kanilang lugar nang itaboy nila ang isang taong leproso. Ang bida ng pelikula, ay isang taga-Cupang na si Elsa—ang dalagang nagpahayag na nakita niya ang Mahal na Birhen sa tuktok ng burol. Walang naniwala sa kanya hanggang sa nagsimula siyang magpagaling ng mga residente matapos ang ilang araw. Dahil dito, dinagsa si Elsa ng mga taga-Cupang at mga dayuhan. Nagtayo ang ilang residente ng Cupang ng sari-saring mga negosyo upang samantalahin ang mga turistang bumibisita sa kanilang bayan.

Nagpasyang bisitahin ng isang direktor na nagngangalang Orly ang bayan ng Cupang upang imbestigahan ang nagaganap na komosyon at makita si Elsa. Nasaksihan at nakunan ni Orly ang paggahasa kay Elsa at Chayong, ang matalik na kaibigan ng bida, ng dalawang hindi kilalang lalaki. Sa panahong ito, mayroon ding epidemya ng kolera sa Cupang kung saan maraming bata ang namatay sa kabila ng pagsisikap ni Elsa na pagalingin at dasalan sila. Unti-unting nag-alisan ang mga turista dahil sa dami ng namamatay at sa pagpatay sa isang mayamang Intsik na dumayo sa Cupang para kay Elsa. Nang inakala ng lahat na muling minalas ang lugar, kumalat ang balitang nagdadalang-tao si Elsa. Lingid

sa kanilang kaalaman na ang kanyang pagbubuntis ay bunga ng panggagahasa, tinawag si Elsa bilang "Immaculada Concepcion."

Matapos ang mahabang tagtuyot, biglang umulan sa bayan ng Cupang. Buhat dito, tuluyang naniwala ang mga taong bumalik na ang himala at natanggal na ang sumpa. Tinipon ni Elsa ang mga tao sa burol kung saan inamin niyang walang mga himala, nagpakitang Mahal na Birhen, at mga pangitain. Ipinahayag niyang ang tao lamang ang lumilikha ng mga diyos, himala, sumpa, at iba pang mga bagay tulad nito. Bago siya matapos magsalita, mayroong biglang bumaril sa kanya sa harap ng mga tao. Namatay si Elsa sa tabi ng kanyang ina at dinala ang kanyang katawan sa ospital. Si Sepa, ang kaibigan ni Elsa, ay patuloy na naniwala sa kanya—nagtapos ang pelikula sa pamumuno ni Sepa sa pagdasal ng "Aba Ginoong Maria" habang nakaluhod paakyat muli sa burol.

Sa kabuoan ng pelikula, pinakitang ang ugali at tugon ng mga tao sa pagsasaksi sa isang "himala." Makikita rin dito ang likas na pagiging relihiyoso at mapamahiin sa kulturang Pilipino. Binigyang-diin sa pelikula na nasa tao ang gawa ngunit nasa puso ang paniniwala.

**Paninindigan ng *Himala* sa Kasalukuyan at Pagbabago**

Makikita sa pelikulang *Himala* ni Ishmael Bernal ang tatlong paninindigan na naitatag sa pamamagitan ng iba't ibang tauhan. Una, ang moderate nitong paninindigan sa kasalukuyan at pagbabago na siyang naipakita sa buong bayan ng Cupang. Makikita ang kanilang pagiging moderate matapos nilang tanggapin ang kakayahan ni Elsa na manggamot kahit hindi sila naghahanap ng agarang solusyon sa sumpa ng Cupang at biglaang pagbabago matapos nang hindi na manggamot si Elsa: *"Mula nang di na manggamot si Elsa'y nag-iba na ang Baryo Cupang. Parang patay lahat"* (Baldo, *Himala*).

Ikalawa, ang paninindigang liberal na siyang isinabuhay ni Elsa. Ninais ni Elsa na magkaroon ng pagbabago sa bayan ng Cupang at ang kaniyang plano ay ginabayan ng sinasabi niyang Mahal na Birhen:

> *Iyan po ang kuwento ng matatanda. At ang sabi din po niya, darating daw po ang araw at lalapit daw po sa akin lahat ng may sakit at manggagamot daw po ako. Hindi lang daw po sugat ng katawan kundi pati 'yung sagot ng mga kaluluwa.* (Elsa, Himala)

Idinaan niya ito sa paggawa ng mga himala at ang pagpapataguyod ng pananampalataya sa mga tao. Hanggang sa dulo, kahit na siya ay kinutya ng mga tao, nagsabi siya ng totoo sa paraang nakaayon sa prinsipyong malinis at mapayapa: *"Walang himala! Ang himala ay nasa puso ng tao! Nasa puso nating lahat' Tayo ang gumagawa ng himala! Tayo ang gumagawa ng mga sumpa at ng mga diyos!"* (Elsa, *Himala*).

Ang ikahuli at ang kabuoang paninindigan ng pelikula ay ang pagiging konserbatibo na naipakita sa pinakahuling eksena. Bagaman nagkasakitan ang mga tao sa bayan ng Cupang, nanatili pa rin ang kanilang pananampalataya at ninais na ipagpatuloy ang sinimulan ni Elsa:

> *Si Elsa'y isang santa! Namatay siya upang ipaalala sa atin na ang mundo ay makasalanan! Magbalik tayong lahat sa burol upang ipagdasal ang kanyang kaluluwa! Kailangang ipagpatuloy natin ang kanyang paniniwala! Itaguyod ang pananampalataya sa Mahal na Birhen!* (Sepa, Himala)

**Pagpapahalaga ng *Himala* sa Indibidwal at Estado**

Tahasang matutunghayan sa pelikulang *Himala* ang pagpapahalaga sa indibidwal dahil sa pagkiling nito sa kapangyarihan ng taong buuin ang sariling kapalaran at piliin kung ano ang paniniwalaan. Uminog ang pelikula sa marapat na pagbabago sa usaping pananampalataya ng mga indibidwal sa bayan ng Cupang.

Si Elsa, ang pangunahing tauhan, ang naging instrumento ng nasabing pagbabago. Nabigyang-buhay din ng karakter na si Orly, ang direktor na napadpad sa Cupang, ang kakayahan ng indibidwal na pagnilayan at buksan ang isip sa kung ano ang nararapat na gawin:


> *Noong una, talagang desidido akong gamitin ang pelikula. Sapagkat kung tutuusin, minsan lang nangyayari ito para sa isang direktor. Pero noong naglaon, naisip ko. Ano ba? Ako ba'y gaya ng ilan diyan na gagamit ng kahit na ano, kahit na sino, nang walang pakundangan? Para lamang sa sariling tabaho? Ano? Puta na rin ba ako? Ni hindi ko man lamang naisip yung nangyari sa inyo. Ang tanging naiisip ko ang makukunan ko kaya parang pinagsamantalahan na rin kita*. (Orly, *Himala*)

Sa katapusan ng pelikula, mahihinuhang kinikilingan ang pagpapahalaga sa indibidwal dahil sa pagtuon ng daloy ng istorya sa pananampalataya ng tao. Wastong maipagpapalagay na libertaryan kaysa awtoritaryan ang pagpapahalaga ng pelikula sa indibidwal at estado.

**Ang Pelikulang *Himala s*a Ideolohikal na Spektrum**

Maituturing na konserbatibo ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, habang libertaryan ang pagpapahalaga nito sa indibidwal at estado. Samakatuwid, maikokonsiderang konserbatibong libertaryan ang kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikulang *Himala* (Pigura 3).

**Pigura 3**
Ang Ideolohiyang Political ng Pelikulang Himala




**Ang Pelikulang *Broken Marriage* (1983)**

Ipinalabas noong 1983, ang pelikulang *Broken Marriage* ni Ishmael Bernal ay umiikot sa relasyon ng mag-asawang nasa sukdulan ng paghihiwalay. Dito makikita ang mga pagsubok na kanilang mapagdadaanan at kung paano nila ito tinugunan. Nakatanggap ang pelikulang ito ng anim na gantimpala mula sa Gawad Urian Award: ang Pinakamahusay na Pelikula (Regal Films); Pinakamahusay na Direksiyon (Ishmael Bernal); Pinakamahusay na Dulang Pampelikula (Jose Carreon, Bing Caballero, Ishmael Bernal); Pinakamahusay na Pangunahing Aktres (Vilma Santos); Pinakamahusay na Editing (Jesus Navarro); Pinakamahusay na Tunog for (Rudy Baldovino).

Sa pelikula, mag-asawa sina Ellen, isang television production assistant, at Rene, isang police reporter, na ginampanan nina Vilma Santos at Christopher de Leon. Mapapasok sa isang pagsubok ang kanilang relasyon dahil sa kawalan ng oras sa isa't isa at walang katapusang pag-aaway. Pinagdesisyunan ng mag-asawa na maghiwalay nang pansamantala. Napag-isipang lumipat ni Rene sa kanyang kaibigan habang si Ellen naman ay naiwang mag-alaga sa kanilang tahanan kasama ang kanilang dalawang anak.

Sa kanilang paghihiwalay, naramdaman nila ang kaibahan at epekto nito sa kanilang buhay. Sinubukan ni Ellen na ipagpatuloy ang kanyang buhay nang matiwasay. Nakilala niya ang karakter ni Orestes Ojeda na si Wowee at nagkaroon sila ng panandaliang relasyon. Nanakawan ang bahay nila Ellen kaya lumipat siya at ang kanyang dalawang anak sa bahay ng kanyang ina. Napunta naman sa panganib si Rene dahil sa kanyang pagsiwalat sa isang opisyales ng gobyerno. Bugbog at sugatan, mapipilitang manirahan sa bahay ng ina ni Ellen si Rene. Sa pangyayaring ito, ang mag-asawa ay nabigyan ng pagkakataong makapag-usap at sa huli ay nag-kaayos muli.

### Paninindigan ng *Broken Marriage* sa Kasalukuyan at Pagbabago

Nabigyang-buhay ng pelikulang Broken Marriage ang tatlong paninindigan sa kasulukuyan at pagbabago. Naging malinaw ito sa pagiging kritikal ng pelikula sa pakikipaghiwalay. Unang naipakita ang paninindigang konserbatibo sa reaksyon ng ina ni Ellen kung saan siya ay nagalit matapos sabihin ni Ellen na maghihiwalay na sila ni Rene. Dahil sa kakulangan nila sa oras, nagkakaroon ang mag-asawang Rene at Ellen ng walang katwirang pagtatalo. Hindi bugso ng damdamin ang kanilang naging paghihiwalay sapagkat nalaman din ni Ellen ang kakulangan ng kanilang pagsasama. Kung kaya't masasabing liberal ang naging kaisipan nila rito:

> *Masakit. Masakit talaga. Hindi lang ako nagpapahalata sa mga tao diyan eh. Patawa-tawa, paismile-smile, lalo kay mommy. Masakit talaga. Masakit. Lalo dito (turo sa puso). Siguro dahil, siguro dahil may kasamang guilt. Yun bang nagi-guilty rin ako dahil hindi nagwo-workout ang marriage ko. Napabayaan ko. Siyempre nagi-guilty rin ako sa mga anak ko... Kasi alam mo ang marriage, tinatrabaho yan eh. Inaalagaan yan. Hindi puwedeng pabayaan.* (Ellen, *Broken Marriage*)

Ngunit matapos na bugbugin si Rene at napilitang bumalik sa tahanan ng ina ni Ellen, nagkaroon sila ng oras muli sa isa't isa. Naging radikal ang istilo ng pagbabago ng mag-asawa sapagkat hindi nila pinlano ang muling pagsasama. Masasabing nadala muli sila ng kanilang mga damdamin kung kaya't nagkaroon sila muli ng resolusyon.

### Pagpapahalaga ng *Broken Marriage* sa Indibidwal at Estado

Matingkad ang katayuan ni Ishmael Bernal sa pagpapahalaga ng pelikulang *Broken Marriage* sa indibidwal sa binaryong indibidwal/estado. Malinaw itong naipakita sa libertaryan na pananaw ni Ellen na mas nagpapahalaga sa indibidwal. *"Bakit nababawasan din naman ang pagkatao ko kapag sinisigawan mo ako"* (Ellen, *Broken Marriage*). *"Nawawala din naman ang pagkababae ko 'pag sinisigawan mo ako ah! Huwag mo kong duduruin"* (Ellen, *Broken Marriage*). Bilang isang babaeng mayroong asawa at anak, mabigat ang responsibilidad at tungkulin ni Ellen. Sa pagsabay pa ng pag-aaway nilang mag-asawa, mas lalong lumago ang *stress* na kanyang nadarama. *"May mga anak ako, nagtatrabaho ako, nag-aaral ako tapos lagi pa kaming nag-aaway na mag-asawa. So tense, minsan gusto ko nang tumalon sa bintana"* (Ellen, *Broken Marriage*).


Gayunman, napagpasyahan pa rin niyang pansamantalang makipaghiwalay sa kanyang asawa sa kalagitnaan ng pelikula. Inilalahad nito na mas matimbang pa rin ang pagpapahalaga sa emosyonal na estado ng indibidwal dahil nakaaapekto ito sa pang-araw-araw. Kahit sa huli nama'y nagkabalikan ang mag-asawa, naipakita pa rin ng pelikula na nangyari ang lahat ng ito dahilan ng personal na desisyon ng mga indibidwal na

karakter. Mawawari dito na libertaryan kaysa awtoritaryan ang pagpapahalaga ng pelikula sa indibidwal at estado.

**Ang Pelikulang *Broken Marriage* sa Ideolohikal na Spektrum**

Maituturing na radikal ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, habang libertaryan ang pagpapahalaga nito sa indibidwal at estado. Samakatuwid, maikokonsiderang radikal na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikulang *Broken Marriage* (Pigura 4).

**Pigura 4**
Ang Ideolohiyang Politikal ng Pelikulang Broken Marriage




**Ang Pelikulang *Hinugot Sa Langit* (1985)**

Mula sa direksyon ni Ishmael Bernal, ipinalabas ang pelikulang *Hinugot sa Langit* noong 1985. Umiikot ito sa buhay ni Carmen Castro, ang pagsubok na kanyang dinanas at ang kinahinatnan ng mga desisyong kanyang pinili sa impluwensya ng pag-ibig, ng simbahan, at ng mga taong malapit sa kanya. Nakatanggap ang pelikulang ito ng apat na gantimpala mula sa Gawad Urian Award: ang Pinakamahusay na Direksyon (Ishmael Bernal); Pinakamahusay na Disenyong Pamproduksiyon (Elmer Manapul); Pinakamahusay na Editing (Jess Navarro); Pinakamahusay na Tunog (Rudy Baldovino).

Si Carmen Castro, isang office employee sa Maynila, ay nakatira sa pamamahay ni Juling, isang dating doktor at matalik na miyembro ng simbahan, habang nasa ibang bansa ang kanyang mga magulang. Sa simula ng pelikula, nalaman ni Carmen na siya ay nagdadalang tao.Sa simula ng pelikula, nalaman ni Carmen na siya ay nagdadalang-tao. Si Jerry, ang ama ng kanyang dinadalang anak, ay isang sugalero at may asawa sa ibang bansa. Wala siyang balak pakasalan si Carmen kaya naiwang magdesisyon si Carmen kung

itutuloy ba niya ang kanyang pagbubuntis o kung dadaan na lamang siya ng abortion. Ito'y napakabigat na pagsubok para sa kanya sapagkat mayroong negatibong epekto sa buhay ni Carmen ang parehong desisyon.

Pinayuhan siya ng kanyang pinsan na si Stella, na ipalaglag ang bata samantalang tutol naman si Juling sa pagpapalaglag dahil isang kasalanan ito sa Diyos. Si Jerry naman ay pinayuhan lamang si Carmen na gamitin ang toss coin upang makapagdesisyon. Sa kalagitnaan ng pelikula, bumisita ang kasintahan ni Carmen na si Bobby sa Maynila mula Davao upang manghiram ng pera sa bangko para sakanyang bukid at upang maiuwi na si Carmen at magpakasal. Hindi sang-ayon si Carmen sa pagpapakasal kay Bobby dahil hindi niya mahal ang nasabing lalaki.

Sa huli, napagdesisyunan ni Carmen na ituloy ang pagpapalaglag niya. Sa araw na iyon, namatay si Juling sa kamay ni Mang David bilang paghihiganti sa mga nagawa ni Juling sa kanya at sa kanyang pamilya. Hindi rin nagtagal, nagtangkang magpakamatay si Stella dahil sa kanyang pagkabigo sa pag-ibig. Napilitan namang ibenta ni Bobby ang kanyang bukid at tumira sa ibang bansa kasama ang kanyang mga magulang. Inalok niya si Carmen na sumama sa kanya ngunit siya ay tinanggihan.

Dahil sa mga pangyayari, napagtanto at naunawanan ni Carmen ang kahalagahan ng buhay at kung bakit walang karapatan ang isang tao na kumuha ng buhay ng iba. Sa pagtapos ng pelikula, unti-unting nakabangon muli si Carmen at nagsimula ng panibagong buhay kasama ang kanyang pinsan na si Stella.

### Paninindigan ng *Hinugot sa Langit* sa Kasalukuyan at Pagbabago

Makikita sa pelikulang *Hinugot sa Langit* ang pamumuhay ni Carmen bilang isang babaeng nagdadalang-tao. Dahil dito, nabuo ang paninindigan ng pelikula sa pagpapahalaga sa kasalukuyan at pagbabago. Nagkaroon ng tatlong paninindigan ang pelikula na siyang isinabuhay ni Carmen at ng mga tao sa paligid niya.

Una, ang kaisipang radikal na ipinakita ng kaniyang kaibigan na si Stella. Palaging naghahanap ng bagong nobyo si Stella at siya rin ang nagtulak kay Carmen upang ipalaglag ang kanyang anak: *"Nako Carmen, napakasimple naman niyan eh. Edi ipalaglag mo, tapos maghanap ka ng bagong trabaho"* (Stella, *Hinugot sa Langit*). Idiniin din ni Stella ang pagbibigay ng karapatan kay Carmen na pumili ng kaniyang sariling desisyon at panghawakan ang sariling kapalaran sa hinaharap:

> *Eh yun nga ang kinagaganda ng buhay eh. Libre kang mamili kung anong gusto mong gawin sa buhay mo. Gusto mong maging unwed mother, ok yun ang trip mo eh. Gusto mong magpalaglag, ok din gayun din ang trip mo eh. Basta wag ka lang papalunod sa isang problema, move on baby.* (Stella, *Hinugot sa Langit*)

Sumunod ang liberal na kaisipan ni Aling Juling na nakabase sa konsepto ng Kristyanismo. Siya ang naghihikayat kay Carmen na wag ipalaglag ang kaniyang nasa sinapupunan at inilalagay sa isipan ni Carmen na ang Diyos na lamang ang makatutulong sa kaniya:

> *Kailangan mong isilang ang bata Carmen… Si Jesus Christ ang magiging ama, Carmen… Hindi maaari, hindi ako papayag, kasalanan ito sa Diyos, wag mo nang dagdagan pa… Hindi ba't kasalanan ang makiapid ka sa isang lalaking may asawa? Kasalanan 'yang binabalak mong patayin ang iyong anak. Buhay yan Carmen!* (Juling, *Hinugot sa Langit*)

Mas naitatag ang kaniyang kaisipang liberal matapos malaman ang tunay niyang motibo matapos itong ikwento ni Dr. Maning:

> *Tapos nabuntis ang kaisa-isang kapatid ni Juling, si Isabel. May asawa yung lalaki. Mahal ni Juling si Isabel, kaya niya nilaglag ang bata… Estudyante pa noon si Isabel at rebelde, sinuway niya ang bilin ni Juling. Kinabukasan, sumama siya sa piknik ng barkada, nagbleeding at namatay... Si Juling naman, hindi niya mapatawad ang kaniyang sarili, ibinuhos niya ang buong buhay niya sa Diyos.* (Maning, *Hinugot sa Langit*)

Ang pinakanangingibabaw na paninindigan ay ang kaisipang moderate ni Carmen. Isang tauhan si Carmen na hindi kayang magdesisyon dahil sa takot niya sa kasulukuyan at sa hinaharap at hinahayaan ang sarili niyang maapektuhan ng mga taong nagbibigay sa kaniya ng daang tatahakin. Makikita ang takot niya sa pakikipagusap nila ni Stella:

> *Natatakot ako eh… sa lahat… sa future tsaka sa present. Natatakot ako dahil baka talagang di na ako mahal ni Jerry eh. Kung talagang di na niya ako mahal, natatakot din ako dahil baka di ko siya makalimutan. Natatakot din ako sa pamilya ni Bobby baka itakwil nila ako pag nalaman nilang buntis ako sa iba. Kung magpapalaglag naman ako, natatakot din ako, baka mamatay ako. Kung di naman ako magpapalaglag, natatakot din ako dahil baka lumabas na abnormal ang anak ko. Baka tatlo ang butas ng ilong, o di kaya isa lang ang paa. Kung normal naman, natatakot din ako dahil… baka di ko siya kayang palakihin magisa. Natatakot din ako sa Diyos dahil baka itapon niya ako sa impyerno.* (Carmen, *Hinugot sa Langit*)

Hindi rin siya nagpakita ng kinikilingang pamamaraan ng pagbabago at tila sumusunod lang siya sa daloy sa kasagsagan ng mga pangyayari sa pelikula. Sinunod niya ang payo ni Stella na magpalaglag at sinubukang humingi ng tawad mula sa Diyos matapos siyang hikayatin ni Juling.

**Pagpapahalaga ng *Hinugot sa Langit* sa Indibidwal at Estado**

Umiinog ang pelikulang *Hinugot sa Langit* sa pagkiling at pagpapahalaga sa indibidwal. Lubos itong ipinapakita ng mga pangunahing karakter na sina Carmen, Stella, at Juling. Kahit na ipinagpatuloy ni Carmen ang pagpapalaglag ng bata sa kanyang sinapupunan, lumitaw pa rin ang kanyang pagsisisi at pagpapakatao nang maghiganti at patayin ng isa sa mga skwater na si David si Juling: *"Walang hiya ka! Wala kang karapatang pumatay!"* (Carmen, *Hinugot sa Langit*).

Mas lalong pinatingkad ni Stella ang pagpapahalaga sa indibidwal sa kanyang ugali at paniniwalang dapat inuuna ang sarili bago ang lahat:

> *Aba hindi, protect yourself first. I-follow up mo muna sarili mong interes. First, you have to be happy before you can make others happy. And remember ha, happiness is not an accident. Tinatrabaho yan. You have to move first and then move fast.* (Stella, *Hinugot sa Langit*)

Ipinakita naman ni Juling ang pagiging libertaryan nang aminin sa kanya ni Carmen ang tungkol sa kanyang pagkikiapid sa may asawa at pagbubuntis:


> *Anong alam ng pinsan mo? Bakit, nagpalaglag na ba siya? Alam ba niya kung ano ang dinaramdam ng isang babae habang ginagawa sa kanya yun? Ang paghihinayang? Ang kaalaman na nagkasala siya ng mortal? Babae tayo Carmen. Ginawa tayo ng Diyos para magdala at magsilang ng anak, hindi para pumatay. Alam ko sinasabi ko. Kapag pinalaglag mo 'yan, hindi kita mapatatawad. Hindi ka mapatatawad ng Diyos.* (Juling, *Hinugot sa Langit*).

Buhat dito, matatalos na mas libertaryan kaysa sa pagiging awtoritaryan ang pagpapahalaga ng pelikula sa indibidwal at estado.

**Ang Pelikulang *Hinugot sa Langit* sa Ideolohikal na Spektrum**

Maituturing na *moderate* ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, habang libertaryan ang pagpapahalaga nito sa indibidwal at estado. Samakatuwid, maikokonsiderang *moderate* na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikulang *Hinugot sa Langit* (Pigura 5).

**Pigura 5**
Ang Ideolohiyang Politikal ng Pelikulang Hinugot sa Langit




**Ang Pelikulang *Pahiram Ng Isang Umaga* (1989)**

Ipinalabas noong 1989, ang pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* ni Ishmael Bernal ay nakasentro sa buhay ng karakter na si Juliet— kung papaano niya lutasin ang mga problemang kanyang kinaharap at kung papaano niya pinanindigan ang kanyang mga desisyon. Ang pelikulang ito ay nakatanggap ng anim na gantimpala mula sa Gawad Urian Award: ang Pinakamahusay na Pelikula (Regal Films); Pinakamahusay na Pangunahing Aktres (Vilma Santos); Pinakamahusay na Sinematograpia (Manolo Abaya, Eduardo Jacinto, Nonong Rasca); Pinakamahusay na Direksiyon (Ishmael Bernal); Pinakamahusay na Dulang Pampelikula (Jose Javier Reyes); Pinakamahusay na Pangalawang Aktor (Eric Quizon).

Umiikot ang pelikula sa buhay ni Juliet na ginampanan ni Vilma Santos, isang single parent na may isang anak na lalaki habang matagumpay sa kanyang karera bilang advertising executive sa isang kompanya. Nagkaroon ng malubhang sakit at bilang na lamang ang mga araw ni Juliet. Ipinagpasya niyang hindi ipaalam sa ibang tao maliban na lamang sa kanyang matalik na kaibigan na si Irene upang matulungan siyang ayusin ang mga titulong iiwan niya sakanyang nag-iisang anak na si Chad. Dahil sa kanyang kalagayan, nais niyang magkaayos sila ng kanyang pamilya sapagkat sila'y may tanim na galit kay Juliet.

Ipinasya na rin ni Juliel, kasama ang kanyang anak, na magbakasyon sa San Jose at makausap muli ang dati niyang kasintahan at ama ng kanyang anak na si Manuel upang kunin at alagaan ang kanilang anak pag siya'y wala na. Kasal si Manuel sa isang babaeng nagngangalang Lydia. Mayroon silang tatlong anak at nabubuhay dahil sa kanilang munting bukid. Sa pananatili ni Juliet at Chad sa San Jose makikilala nila ang karakter na si Ariel, isang pintor at hindi inaasahang *suicidal*.

Sa progreso ng pelikula, makikita ang iba't ibang problemang haharapin ng mga karakter partikular na sa pangunahing tauhang si Juliet— kung papaano nila ito sosolusyunan at kung paano nila matutulungan ang isa't isa. Ang mensaheng ibinibigay ng pelikula ay ang pagbibigay halaga sa pamilya at mga minamahal dahil maiksi lamang ang buhay ng tao ngunit napakaraming paraan para maipakita at maiparamdam ang pagmamahal at kabutihan sa ibang tao.

**Paninindigan ng *Pahiram ng Isang Umaga* sa Kasalukuyan at Pagbabago**

Malinaw ang paninindigan ng pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* sa kasalukuyan at pagbabago. Naipakita ito sa buhay ni Juliet matapos niyang malaman na walong buwan na lamang ang natitira sa kaniyang buhay. Bago pa man ang lahat, mayroong paninindigang moderate si Juliet dahil sa loob ng pitong taon, nabuhay siya na tila paulit-ulit ang mga ginagawa: *"Aarte akong parang walang nangyari, a-attend pa rin ako ng mga party, kakain, tatawa…"* (Juliet, *Pahiram ng Isang Umaga*).

Ngunit nabuhay ang paninindigang liberalismo sa kaniyang pag-iisip nang planuhin niya ang mga tamang pagbabagong gagawin sa mga nasirang ugnayan sa pamilya at sa naging nobyong si Manuel. Ginawa niya ito upang mabigyan ng paniguradong pamumuhay ang kaniyang anak na si Chad at para masulit ang kaniyang nalalabing oras. Nagkaroon din ng paninindigang radikal ang pelikula sa katauhan ni Ariel, makikita ito nang subukan niyang panatilihin si Juliet sa kaniyang piling gamit ang puwersa at dahas: *"Huwag mo ako iwan, kailangan kita."* (Ariel, *Pahiram ng Isang Umaga*).

Kahit na sinubukan ni Ariel na baguhin ang pag-iisip ni Juliet, pinanindigan ni Juliet ang kaniyang mga plano para sa kanyang pamilya, dating nobyong si Manuel, at sa kanyang iisang anak na si Chad. Sa katapusan ng pelikula, nagawang bigyan ni Juliet si Ariel ng panibagong pag-asang mabuhay nang makapiling niya ito sa kaniyang mga huling sandali: *"Ang ganda ng mundo… Ang sarap mabuhay."* (Juliet, *Pahiram ng Isang Umaga*).

Sa kabuoan, masasabing liberal ang paninindigan ng pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* tungkol sa kasalukuyang lipunan. Kahit sumakabilang-buhay ang pangunahing tauhang si Juliet sa wakas ng pelikula, lubos na tumingkad ang ideyang nagawa niyang kumiling sa isang maingat at de prinsipyong pagbabago upang matugunan ang mga hindi nalutas na suliraning naiwan sa iba't ibang aspeto ng kaniyang buhay bago ang kaniyang kamatayan.

**Pagpapahalaga ng *Pahiram ng Isang Umaga* sa Indibidwal at Estado**

Sa pelikulang ito, pumokus si Bernal sa pagpapahalaga sa indibidwal na isinakatawan ng bidang si Juliet at kung paano niya natugunan ang magkakasunod na problemang kinakaharap niya sa buhay. Ipinakita ng pelikula na hindi maikakaila na sadyang mayroong likas na takot ang tao sa harap ng nagbabagang kamatayan: *"Irene…*

*'Di ko kaya ang walong buwan! Kung mamatay rin lang ako… Mamatay na ako ngayon o bukas o sa linggo pero hindi ko kaya ang walong buwan!"* (Juliet, *Pahiram ng Isang Umaga*).

Hindi man niya lubos na tanggap ang taning sa kanyang buhay, mayroon pa rin siyang kagustuhang maging makabuluhan ang nalalabi niyang oras sa mundo bilang isang indibidwal na may tungkulin bilang isang anak, kapatid, asawa at lalo na bilang isang ina: *"Ayoko ko pang mamatay… Paano si Chad? Hahanapin ako ng anak ko, hindi siya sanay ng wala ako… Ariel… Gusto ko pang mabuhay, kahit ilang araw lang, kahit konting oras lang, kahit isang umaga lang…"* (Juliet, *Pahiram ng Isang Umaga*).


Kinikilingan ng pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* ang indibidwal na karakter na sina Juliet, Ariel, Manuel at Lydia na mabusising isinalarawan ang kanilang pagdaig sa mga suliraning inihain sa kanila ng tadhana sa bawat eksena. Kaya malinaw na mas libertaryan kaysa awtoritaryan ang pagpapahalaga ng pelikula sa indibidwal at estado.

### Ang Pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* sa Ideolohikal na Spektrum

Maituturing na liberal ang paninindigan ng pelikula tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, habang libertaryan ang pagpapahalaga nito sa indibidwal at estado. Samakatuwid, maikokonsiderang liberal na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga* (Pigura 6).

**Pigura 6**

Ang Ideolohiyang Politikal ng Pelikulang Pahiram ng Isang Umaga




## KONGKLUSYON

Batay sa limang substantibong seksyon, natuklasan ang mga sumusunod: 1) nasa pagitan ng liberal na libertaryanismo at liberal na awtoritaryanismo ang kabuoang ideolohiyang political ng pelikulang *Manila by Night*; 2) konserbatibong libertaryan ang kabuoang ideolohiyang political ng pelikulang *Himala*; 3) radikal na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang political ng pelikulang *Broken Marriage*; 4) *moderate* na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang political ng pelikulang *Hinugot sa Langit*; at 5) liberal na libertaryan ang kabuoang ideolohiyang political ng pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga*.

Makikita sa Pigura 7 ang diyakronikong paghahambing sa mga ideolohiyang political ng limang pelikula ni Ishmael Bernal batay sa kronolohiya ng pagpapalabas ng mga ito. Sa Pigura 7, numero 1 ang pelikulang *Manila by Night*; numero 2 ang pelikulang *Himala*; numero 3 ang pelikulang *Broken Marriage*; numero 4 ang pelikulang *Hinugot sa Langit*; at numero 5 ang pelikulang *Pahiram ng Isang Umaga*.

**Pigura 7**
Diyakronikong Paghahambing sa mga Ideolohiyang Political ng Limang Pelikula ni Ishmael Bernal batay sa Kronolohiya ng Pagpapalabas




Kung kakalkulahin ang bahagdan ng paninindigan ng bawat pelikula sa kasalukuyan at pagbabago, lalabas na 40% ang liberal, 20% ang konserbatibo, 20% ang radikal at 20% ang *moderate* sa x axis ng ideolohikal na spektrum. Kung uungkatin naman ang bahagdan ng pagpapahalaga ng bawat pelikula sa indibidwal at estado, mapag-aalamang 90% ang libertaryanismo at 10% ang awtoritaryanismong kinatatayuan ng mga nasabing pelikula sa y axis ng ideolohikal na spektrum.

Bilang isang tanyag na direktor na nag-aambag ng mga dekalibreng pelikulang tumatalakay hinggil sa mga realidad ng lipunang Pilipino noong unang bahagi, kasagsagan at matapos ang Martial Law, masasabing may kaugnayan sa mga karanasan ni Ishmael Bernal ang lumabas na mga kabuoang ideolohiyang politikal ng kanyang mga nasabing limang pelikula.

Sa kinalabasan ng mga paninindigan sa ilalim ng x axis tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, makikitang nailahad ng kanyang mga pelikula ang halos lahat ng mga nasabing aspekto nito bukod sa pagiging reaksyonaryo. Pinapakita nito ang lubos na pagpapahalaga ni Bernal sa kasalukuyan at kalaunang pagbabago na inilahad niya gamit ang mga pangunahing tauhan sa kanyang mga nasabing pelikula. Nakatuon naman ang pagpapahalaga ng limang pelikula sa libertaryanismong katayuang nagbibigay importansya sa indibidwal. Mas nakapokus ang kanyang limang pelikula sa kapakanan ng mga tauhan bilang indibidwal na sumasabak sa mga pagsubok ng buhay. Hindi masasabing walang pagpapahalaga si Bernal sa estado sapagkat binubuo ng indibidwal ang estado—siyang pagpapahalaga niya sa estado ang kanyang pagpapahalaga sa indibidwal.

Bilang panghuli, mapagtatantong tiyak na naging instrumento ni Bernal ang kanyang sining at obra upang ipakita hindi lamang ang mga katotohanang kinahaharap at minsang ipinagsasawalang-bahala ng lipunang Pilipino ngunit pati na rin ang motibasyong baguhin ang mga ito.

## SANGGUNIAN


Baytan, R. (2019). On Bernal's Homage to Manila: A Review of Joel David's Manila by Night: A Queer Film Classic. *Plaridel*, *16*(2), 189.

Baytan, R. (2019). The Brave and Ironic Ishmael Bernal. *Direk: Essays on Filipino Filmmakers*, 113.

Bernal, I. (Director). (1980). *Manila by Night* [Film]. Regal Entertainment. Philippines.

Bernal, I. (Director). (1982). *Himala* [Film]. Experimental Cinema of the Philippines. Philippines.

Bernal, I. (Director). (1983). *Broken Marriage* [Film]. Regal Entertainment. Philippines.

Bernal, I. (Director). (1985). *Hinugot sa Langit* [Film]. Regal Entertainment. Philippines.

Bernal, I. (Director). (1989). *Pahiram ng Isang Umaga* [Film]. Regal Entertainment. Philippines.

David, J. (2012). Forum Kritika: A closer Look at Manila by Night: An introduction. *Kritika Kultura*, *19*, 6-13.

Demeterio, F.P.A. (2012). *Ang mga Ideyolohiyang Politikal ng Catholic Bishop's Conference of the Philippines*. De La Salle Publishing House.

Felicilda, J. M., & Demeterio, F. P. A. (2019). Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Rosales Saga ni F. Sionil Jose. *Humanities Diliman*, *16*(1).

*Gawad Urian*. Manunuri ng Pelikulang Pilipino (MPP). (n.d.). Retrieved March 7, 2023, from https://manunuripelikula.com/the-gawad-urian-awards/#:~:text=Ang%20Gawad%20Urian%20ay%20pagsukat,medium%20at%20sa%20kanyang%20manonood.

*Ishmael Bernal*. IMDb. (n.d.). Retrieved March 7, 2023, from https://www.imdb.com/name/nm0076075/

*Order of National Artists: Ishmael Bernal*. National Commission for Culture and the Arts. (n.d.). Retrieved March 7, 2023, from https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/national-artists-of-the-philippines/

Santos Jr., B. (2012). Bernal as Auteur: Primary Biographical Notes. *Kritika Kultura*, *19*, 014-035.

Santos, C. A. C. (2018). Buhay at mga Pelikula ni Ishmael Bernal sa Harap ng Batas Militar. *Saliksik E-Journal*, *7*(2), 1-1.

Tolentino, R. B. (2012). Marcos, Brocka, Bernal, City Films, and the Contestation for Imagery of Nation. *Kritika Kultura*, (19).

## ABOUT THE AUTHOR/S

**Lois Mauri Anne L. Liwanag** is currently a graduate student of Master of Arts in International Relations (with a specialization in Area Studies) under the research project seminar in Popular Culture in Asia at Waseda University, Tokyo, Japan. She is a recipient of the scholarship program of the Ministry of Education, Culture, Sports, Science, and Technology (MEXT) of Japan. She obtained her bachelor's degree in Development Communication, summa cum laude and class valedictorian, at the Visayas State University.

**Von Griel S. Capague** is an interior design associate in Leo Almeria Design Studio. He obtained his bachelor's degree in interior design, magna cum laude, at the University of Santo Tomas, Manila.

**Marie Frances Therese DS. Luglug** is a student of Doctor of Medicine in Dentistry at Centro Escolar University, Manila. She graduated senior high school in Music, Arts, and Design strand at the University of Santo Tomas, Manila.